MAY 0 6 2010

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 201 , s. 2010

**PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGPAPAYAMAN NG WIKANG FILIPINO AT SAWIKAAN 2010: MGA SALITA NG TAON**

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pampribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Ang Filipinas Institute of Translation, Inc. (FIT) ay magdaraos ng **Pambansang Kumperensiya sa Pagpapayaman ng Wikang Filipino at Sawikaan 2010: Mga Salita ng Taon** sa Hulyo 29-30, 2010 sa Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

2. Pangunahing layunin ng kumperensiya ang matalakay ang mga puwersa at larangan na nakaaapekto, humuhubog, at nagpapaunlad sa makabagong Filipino. Sa pangkalahatan, layunin nitong:

a. mapalawak ang kaalaman hinggil sa ilang paraan ng pagpapayaman sa wikang Filipino, gaya ng paglikha at neolohismo, at panghihiram sa ibang wika;
b. matalakay ang mga puwersang humuhubog sa makabagong Filipino gaya ng teknolohiya, politika, medisina, batas, agham, homoseksuwal, atbp;
c. makapagpanukala ng mga bagong salita na umiiral ngayon sa korpus ng wikang Filipino at/o ng mga bagong pakahulugan sa dati nang salita na nasa diksiyonaryo sa pamamagitan ng patimpalak ng Sawikaan; at
d. makapagpasok sa mga diksiyonaryong Filipino ng mga bagong panukalang salita upang lalo pang yumaman ang bokabularyo ng wikang Filipino.

3. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang mga iskolar, estudyante ng wika, araling Filipino, lingguwistika, “lexicography”, antropolohiya, at mga kaugnay na disiplina sa lahat ng antas ng pag-aaral.

4. Magbabayad ang bawat dadalo ng Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) bilang kabayaran sa rehistrasyon para sa “conference kit”, sertipiko, at pagkain.

5. Ipadala ang inyong reserbasyon bago ang Hulyo 16, 2010 kay Bb. Eilene Narvaez o Gng. Anj Cezar, Mga Tagapangasiwa ng Kumperensiya, UP Sentro ng Wikang Filipino, 3/Palapag, Gusaling SURP, E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon, 1101; o makipag-ugnay sa tel. blg.: (02) 426-5838 at (02) 981-8500 lokal 4583 o sa telefax blg.: (02) 924-4747.

6. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

**MONA D. VALISNO**
Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

Julie/DM-Pambansang Kumperensiya sa Pagpapayaman
4-26-10